
PASTOL

A complete range of giftware featuring the paintings in
DYIP NI MANG TOMAS is available at www.canvasdownstream.com.

We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book
by emailing us at info@canvas.ph, or by mail at CANVAS,
No.1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman,
Quezon City, Philippines 1119.

---

First published in hardcover by UST Publishing House, 2009
First paperback edition, 2009
Online e-book version 2009
Printed in the Republic of the Philippines

Book and layout design by Daniel Palma Tayona
Cover (Ama at Anak: Simbang Gabi) and jacket (Mahusay) artworks by Anthony E. Palomo
Photography by Mike Cheung

# ANG DYIP NI MANG TOMAS

## MANG TOMAS AND HIS JEEP



Written by
GENARO R. GOJO CRUZ

Paintings by
ANTHONY E. PALOMO

English translation by Heidi Emily E. Abad

Ang lumang dyip ni Tatay ang kauna-unahang dyip sa Barangay Pastol. Sinasabing walang taga-Pastol ang 'di nakakikilala at 'di pa nakasasakay sa dyip ni Tatay.

Walang bata sa aming lugar ang bininyagan at magkasintahang nagkatuluyan at ikinasal na 'di inihatid ng dyip ni Tatay sa simbahan. Walang nagtapos ng pag-aaral sa Barangay Pastol ang 'di inihatid ng dyip ni Tatay sa paaralan.



Saksi rin ang dyip ni Tatay sa mga pag-alis at pag-uwi ng mga taga-Pastol, sa malalakas na tawanan ng mga matagal na ‘di nagkita, maging sa mga hagulgol ng mga naiwang kaanak ng mga taga-Pastol na magtatrabaho sa ibang bansa.





Mahusay na tsuper ang aking Tatay. Sabi nga ng mga taga-Pastol, mas gusto nila ang swabe niyang pagmamaneho kaysa sa walang-ingat at padaskul-daskol na pagmamaneho ng iba. Siguradung-sigurado raw silang makararating sila sa kanilang paroroonan nang buhay o humihinga pa. Tamang-tama ang busina ng dyip ni Tatay at banayad na banayad din kung tapakan niya ang preno.

Nakasisingit siya kahit sa masisikip na daan nang walang gasgas o anumang daplis ang dyip. ‘Di ko rin nakitang uminit ang kanyang ulo sa pagmamaneho. Kaya naging sukatan ng isang mahusay na tsuper ang aking Tatay sa buong Barangay Pastol.


“Aba’y kung dyip ni Mang Tomas ang iyong aarkilahin, wala kang magiging problema,” minsa’y narinig ko sa umpukan ng mga tao sa gulod.


“Kung dyip ni Mang Tomas ang maghahatid, aba’y sasama ako dahil tiyak kong ‘di ako magkakandahilo,” ang dinig ko kay Lola Kadyang.



“Kung ‘di mo alam kung saan ‘yon, arkilahin mo si Mang Tomas, parang mapa ang utak ng taong ‘yon,” ang dinig ko sa isang barbero habang nagpapagupit ako.

May mga mag-asawang taga-Pastol din ang nagsasabing naging masuwerte sa kanilang pagsisimula bilang mag-asawa ang lumang dyip ni Tatay.





Alagang-alaga ni Tatay ang dyip. Kahit luma na ito, tiyak na dadaigin pa nito ang pinakamahal o pinakabagong sasakyan. Sa isang ingit o lagutok lang, alam agad ni Tatay kung may sira ang dyip. 'Di rin ito nakalilimutang linisin ni Tatay kung araw ng Linggo.

“Masuwerte na sa atin ang dyip na ‘to,” ang sabi sa akin ni Tatay habang iniisis niya ang tapalodo ng dyip.

“Kung ‘di ba dahil sa dyip na ito, mapagtatapos ko ba ang iyong Ate? Mapag-aaral ko ba ang iyong Kuya sa Maynila? Pagbutihin mo rin ang iyong pag-aaral, ang makatapos lang kayo ng pag-aaral ang tanging maipapamana ko sa inyong magkakapatid,” dagdag pa ni Tatay.



“‘Pag bagong paligo ang dyip, parang nadaragdagan ang tibay at tulin nito,” parating sinasabi sa akin ni Tatay.

“Poging-pogi ‘Tay ang dyip natin!” ang nasabi ko kay Tatay.

“S’yempre, sa’n pa ba magmamana ‘yan kundi sa ating dalawa?” ang sagot ni Tatay.


‘Di maubus-ubos ang malakas na tawanan namin ni Tatay.





Madalas akong sumama kay Tatay sa pagpasada ng dyip, lalo na kung Sabado at Linggo o kung bakasyon. Ako ang tagakuha ng bayad ng mga pasahero at tagasukli. At kung nasa paradahan naman kami at naghihintay ng mga pasahero, ‘di ko nakalilimutang kalangan ng bato ang gulong at punasan ang mga *side mirror* ng dyip. Sinisigurado ko ring nalagyan ko ng tubig ang *radiator.*

Kapag pumasada na kami ni Tatay, walang anumang aberya. Lahat ng pasahero ay nakauuwi sa kani-kanilang mga bahay. Lahat ay nakakapunta sa kanilang mga pupuntahan.



Dahil laging puno ng pasahero ang dyip ni Tatay at madalas may sabit pa, sinasabi rin nga ng mga taga-Pastol, lahat daw ng hawakan ni Tatay may suwerte.

Naisip ko, kaya pala malalago't marami ring mamunga ang kanyang mga tanim na mangga, santol, atis, kaymito, pakwan, chico at banaba! Tali-tali at bungkus-bungkos lagi ang kanyang mga inaaning sitaw, okra, ampalaya at iba pang gulay! Kaya pala matataba't 'di sakitin ang kanyang mga alagang hayop, tulad ng kalabaw, baka, kambing, baboy, aso, pabo at manok!



“May taglay nga kayang pambihirang madyik ang mga kamay ni Tatay? Bakit lahat ng kanyang hawakan, napaki-kinabangan? Bakit lahat ng kanyang itanim, nabubuhay at hitik kung mamunga? Bakit lahat ng kanyang alagang hayop, dumarami?” ang sunud-sunod kong tanong sa aking sarili.

Isang hapon, may ikinuwento sa akin si Tatay.

“Alam mo ba kung bakit suwerte ang ating dyip?  Noong Disyembre 16, 1999, alas-kwatro ng madaling-araw,  isang malusog na sanggol na lalaki ang ipinanganak sa  ating lumang dyip.”

“Talaga ‘Tay?”


“Oo, noon ay simula ng Simbang Gabi.  Papunta kami  sa simbahan pero biglang sumakit ang tiyan ng babaeng sakay ko. Pero ‘di pa kami nakararating sa ospital, lumabas na ang bata. Kaya iyak ng isang sanggol na lalaki ang narinig ko noong unang Simbang Gabi,” kuwento ni Tatay.




“Alam mo ba kung sino ang babaeng tinutukoy ko? At kung sino ang sanggol na kanyang ipinanganak? Wala ka bang naaalala sa petsa ng kapanganakan ng sanggol?” ang sunud-sunod na tanong ni Tatay.

Nasabik ako sa susunod na kuwento ni Tatay.

“Ikaw ang sanggol na iyon na ipinanganak sa ating lumang dyip. Ibinigay ka sa amin ng Diyos sa unang Simbang Gabi.”






Kaya pala kapareho ng kaarawan ko ang kaarawan ng sanggol na ikinukuwento ni Tatay.

"Pero 'di naging madali para sa iyong Nanay ang kanyang pagbubuntis. Kahit alam niyang delikado sa kanyang kalagayan, gusto niyang maipanganak ka. Ikaw ang pinakamagandang regalong aming natanggap. Iyon ang gabing ibinigay ka sa amin ng Diyos at iyon din ang gabing kinuha na Niya ang iyong Nanay. Ibinilin ka sa akin ng iyong Nanay," biglang nangatal ang boses ni Tatay.

“Suwerte raw ang sasakyan ‘pag may sanggol na ipinanganak sa loob nito. Dahil sa bagong buhay na isinilang, nagiging mahaba at ligtas ang buhay ng mga sakay nito. Ikaw, bunso, ang suwerte sa ating pamilya.”


Kaya pala ganoon na lang ang pag-aalaga ni Tatay sa lumang dyip. Sa bawat pagpasada ni Tatay, sumasarap lagi ang aming ulam, nakapag-aaral kaming magkakapatid, nabibili nina Ate Perla at Kuya Nonon ang mga librong kailangan nila at tuwing may kaarawan sa amin, ‘di rin nawawala ang munting handa. Kaya pala hitik kung mamunga ang kanyang mga tanim. Kaya pala maaamo’t napakiki-nabangan ang mga alaga niyang hayop. Kaya pala hinding-hindi ko naramdamang wala na akong Nanay dahil inalagaan kaming mabuti ni Tatay.






“Kaya anak, ‘pag tinanong ng titser mo kung saan ang lugar ng iyong kapanganakan, sabihin mong sa ating lumang dyip ka ipinanganak,” pagbibiro pa ni Tatay habang ginugulugulo niya ang aking buhok.

Astig talaga ang aking Tatay!



Isang Sabadong *rest day* ni Tatay, sumakay ako sa lumang dyip. Umupo ako sa kanyang malambot na upuan at ginaya ko kung paano niya hinahawakan ang manibela ng dyip. Pinindot ko ang busina. Ibinaling ko ang manibela sa kanan, pagkatapos sa kaliwa. Bumusina uli ako. Tumingin ako sa *side mirror*. Nagpreno. Pumarada.





Balang-araw gusto kong maging isang mahusay na tsuper tulad ni Tatay.

Gusto kong ihatid ang mga tao sa kanilang pupuntahan.

Gusto kong sunduin ang mga tao pauwi sa Barangay Pastol.

Gusto kong salubungin ang mga taga-Pastol na nagpunta sa ibang bansa.

Gusto kong pakinggan ang magagandang kuwento at halakhakan ng mga magkakapamilyang matagal na ‘di nagkita.

Gusto kong mapuntahan ang malalayong lugar nang ligtas at mabilis.

Gusto kong patuloy na maging saksi ang dyip ni Tatay sa masasayang okasyon, tulad ng kasal, binyag, ng mga pagtatapos ng pag-aaral at iba pa.





Hinawakan kong mabuti ang manibela ng dyip. Sana'y magkatotoo ang aking mga pangarap. Bigla'y parang malayung-malayo na nga ang aking nabiyahe.

At sa aking pagkakahawak sa manibela at pagkakaupo sa malambot ng upuan ni Tatay, naramdaman kong tila hawak na rin ni Tatay ang aking mga kamay at yakap naman ako nang mahigpit ni Nanay. Kay sarap ng aking pakiramdam. Ligtas na ligtas ako.

Alam kong lagi nila akong gagabayan sa mga daang aking pipiliing daanan.



(Para kay Mang Tomas, ang aking mahal na Tatay, ang pinakamagaling na tsuper sa buong mundo.)

## ABOUT THE AUTHOR

GENARO R. GOJO CRUZ grew up in San Jose del Monte, Bulacan. He earned his degree in Social Science from Philippine Normal College, and has won numerous writing awards, including the Palanca Award, Gawad Ka Amado, Gawad Collantes sa Pagsulat ng Tula at Sanaysay, Ninoy Poetry Writing Contest, and the PBBY-Writers Prize.

He presently teaches at Philippine Normal College, while pursuing his masters degree in Philippine Studies as a scholar at De La Salle University in Manila.

During his spare time, Genaro tells stories to, and teaches street children in Binondo, Manila.

## ABOUT THE ARTIST

ANTHONY E. PALOMO graduated from the University of the Philippines with a bachelor's degree in Fine Arts. He also completed certificate programs in Advertising at Maryknoll College and in Electronics at the University of Santo Tomas.

Recognized as one of the best watercolor artists in the country, Anthony was a member of the legendary Grupong Salingpusa. His work is also influenced by four years of work as an overseas Filipino in Malaysia.

Anthony's artworks for "Ang Dyip ni Mang Tomas" were showcased at the prestigious Ayala Museum in Makati City, Philippines.

